DepEd Advisory No. 87, s. 2015
March 6, 2015
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

PAGDIRIWANG NG ARAW NI FRANCISCO "BALAGTAS" BALTAZAR 2015

Alinsunod sa Proklamasyong Bilang 964 na may petsang Pebrero 11 1997, iniaatas ang paggunita sa kapanganakan ni Francisco "*Balagtas*" Baltazar sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa tulong ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining at iba pang mga ahensiya ng pamahalaan na may temang *Si Balagtas at ang Kabataan.* Kaugnay nito, ang mga sumusunod na aktibidad ay gaganapin mula Marso 30 hanggang 31, 2015 sa Orion, Bataan:

1. Kampo Balagtas, isang *youth camp* na mangyayari sa Orion Elementary School, Orion, Bataan, mula ika-30 hanggang 31 ng Marso 2015, sa tulong ng pamahalaang bayan ng Orion at pamahalaang panlalawigan ng Bataan. Tampok sa *youth camp* ang mga pagtatanghal at mas makabuluhang pagpapakilala sa kadakilaan ni Balagtas para sa mga kabataan;
2. Paglulunsad ng Hardin ni Balagtas, ang naturang hardin ay kalalagyan ng mga marangal na rebulto ni Balagtas at ng mga tauhan mula sa kaniyang akda na paliligiran ng mga katutubong bulaklak at punongkahoy; at
3. Pagkilala sa Makata ng Taon 2015 at paghirang sa Gawad Dangal ni Balagtas 2015, ang Talaang Ginto: Makata ng Taon ay ang prestihiyosong taunang timpalak sa tula ng KWF na gaganapin sa unang araw ng Kampo Balagtas. Ang Gawad Dangal ni Balagtas ay kinikilala din ang mga natatanging manunulat sa wikang Filipino.

Inaanyayahang dumalo ang mga guro at mga mag-aaral mula sa pampubliko at pampribadong paaralan sa elementarya at sekundarya.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring makipag-ugnayan sa:

Sangay ng Edukasyon at Networking
Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
Gusaling Watson, 1610 Kalye JP Laurel
Malacañan Palace Complex, San Miguel, Lungsod ng Maynila
Telepono Blg.: (02) 736-2525
Email Adres: komfil.gov@gmail.com
Website Adres: www.kwf.gov.ph